ABISO AT MGA TAGUBILIN NG UNIFIED FAMILY COURT KAUGNAY NG MGA REMOTE NA PAGDINIG

Puwedeng sumali ang mga kalahok sa BlueJeans gamit ang app o webpage sa https://www.bluejeans.com/. Mas gusto ang mga appearance sa pamamagitan ng video, pero kung hindi makakasali ang isang kalahok sa pamamagitan ng video, pinapayagan ang appearance sa pamamagitan ng telepono.

- Kung sasali ka sa pamamagitan ng video, i-click lang ang link ng imbitasyon sa BlueJeans para makasali sa pagdinig o pumunta sa https://www.bluejeans.com/ at i-click ang button na Join Meeting at ilagay ang ID ng meeting at passcode ng kalahok. Kapag sumali sa pamamagitan ng video, inirerekomendang piliin ang audio ng computer. Tiyaking ilalagay mo ang iyong buong pangalan at apelyido.
- Kung sasali ka sa pamamagitan ng telepono, ililipat ka ng clerk sa pagdinig sa BlueJeans.

Posibleng ibahagi ang link na ito ng imbitasyon sa iyong kliyente at iba pang kalahok na sasali sa remote na paraan.

URL ng Meeting

ID ng Meeting

Passcode ng Kalahok

Pag-dial In sa Telepono
+1.408.419.1715 (Estados Unidos (San Jose))
+1.408.915.6290 (Estados Unidos (San Jose))
(Mga Internasyonal na Numero)
Ilagay ang ID at passcode ng meeting na sinusundan ng #

Sino ang puwedeng gumawa ng appearance sa BlueJeans?
Ang lahat ng kalahok ay puwedeng gumawa ng appearance sa pamamagitan ng video o telepono gamit ang BlueJeans, alinsunod sa Emergency na Panuntunan 3, 6, at 7, at kung pinapahintulutan ng batas, maliban na lang kung aatasan ka ng hukom na personal na pumunta sa hukuman. Mas gusto ang mga appearance sa pamamagitan ng video, pero kung hindi makakasali ang isang kalahok sa pamamagitan ng video, pinapayagan ang appearance sa pamamagitan ng telepono. *Opsyonal* ang mga remote na appearance. Bukas ang mga courtroom, alinsunod sa anumang ipinapatupad na kautusan sa Pampublikong Kalusugan, kasama ang mga kinakailangan sa pagdistansya sa isa't isa at pagsusuot ng pantakip sa mukha.

HUWAG PUMUNTA SA HUKUMAN KUNG MAYROON KANG SAKIT. Puwedeng hilingin ng Hukuman sa mga miyembro ng publiko na nagpapakita ng mga sintomas ng karamdaman gaya ng pag-ubo na umalis.

Patuloy na lilimitahan ng Hukuman ang bilang ng mga tao sa courtroom para mapanatili ang pagdistansya sa isa't isa. Bibigyang-priyoridad ang kabataan at ang kanilang magulang/tagapangalaga at ang mga biktima sa paggawa ng appearance sa courtroom. Kung maaabot ng courtroom ang maximum na kapasidad, aatasan ang ibang kalahok na sumali sa pagdinig sa remote na paraan.

Mga Panuntunan para sa Pagsali sa Mga Remote na Pagdinig:

PAKI-MUTE ANG IYONG AUDIO KAPAG HINDI KA NAGSASALITA. (Pindutin ang *4 para i-unmute ang iyong sarili.)
ISAAD ANG IYONG PANGALAN BAGO KA MAGSALITA PARA MALAMAN NG LAHAT NG KALAHOK KUNG SINO ANG NAGSASALITA. IISANG TAO LANG ANG DAPAT MAGSALITA SA BAWAT PAGKAKATAON.

1. Makikita ang mga tagubilin sa pagsali sa BlueJeans mula sa iyong computer dito: https://pws-bluejeans-drive-prod.s3-us-west-2.amazonaws.com/file/joining_meeting_from_your_computer_guide_-_4-22-17.pdf
2. Ang Hukuman ang mamamahala at kokontrol sa mga paglilitis, ang magiging nakatalagang "moderator" ng video conference, at ang kokontrol sa iba't ibang setting ng teknolohiya. Responsibilidad ng counsel na ibigay ang mga tagubilin at ang mga kautusan ng Hukuman sa kanilang mga kliyente at sa iba pang kalahok sa kanilang panig. Pakitingnan ang mga naka-attach na teknikal na kinakailangan.
3. Responsibilidad ng counsel na ipabatid ang mga kautusan ng Hukuman para sa remote na pakikibahagi sa pamamagitan ng video sa kanilang mga kliyente o sa iba pang remote na kalahok sa ngalan ng kanilang mga kliyente. Responsibilidad ng District Attorney na ipabatid ang mga kautusan at tagubilin ng Hukuman para sa remote na pakikibahagi sa pamamagitan ng video sa mga biktima, saksing naghain ng reklamo, at kanilang mga pamilya o tagasuporta.
4. Dapat gawin ng mga remote na kalahok ang lahat ng kanilang makakaya para matiyak na malinaw ang magiging transmisyon ng video at audio sa panahon ng pagdinig. Responsibilidad ng counsel na tiyaking sapat ang pamilyaridad ng kanilang mga kliyente sa BlueJeans. Inirerekomendang magsagawa ang counsel ng kahit isang pansubok na session lang kasama ng kanilang kliyente bago ang paglilitis.
5. Dapat gamitin ng lahat ng remote na kalahok ang kanilang buong pangalan at apelyido sa pag-sign in sa BlueJeans, maliban kung sa pamamagitan lang ng telepono sila sasali. Hihilingin ng Hukuman sa bawat remote na kalahok na magpakilala. Kung hindi magpapakilala ang isang remote na kalahok, posibleng alisin ng Hukuman ang kalahok na iyon mula sa pagdinig.
6. Dapat sumunod ang lahat ng remote na kalahok sa mga kinakailangan sa tamang asal na tulad sa iniaatas sa courtroom, pati sa naaangkop na pananamit, na para bang personal ang kanilang appearance. Hindi puwedeng kumain ang mga kalahok.
7. Dapat tumawag ang mga remote na kalahok mula sa isang tahimik at pribadong lokasyon kung saan kaunti lang ang ingay sa background. Dapat gawin ng mga remote na kalahok ang lahat ng kanilang makakaya para walang makita o marinig na abala sa panahon ng pagdinig.
8. Malinaw dapat na makita ang mukha ng bawat remote na kalahok habang siya ay nagsasalita. Hangga't posible, dapat ipuwesto ang webcam ng bawat remote na kalahok sa tapat at nang malapit sa mukha ng kalahok.
9. Dapat mag-pan sa kuwarto ang mga remote na kalahok gamit ang kanilang video anumang oras na hilingin ng Hukuman.
10. Kung hindi mo magagawa ang appearance sa video gaya ng *hinihiling* , at kung magagawa mo lang ang appearance sa pamamagitan ng pagtawag:

- Kung ginagamit mo ang opsyong audio lang, puwede kang mag-dial in, pero kadalasan, ililipat ka ng clerk sa pagdinig sa BlueJeans
- Huwag i-hold ang tawag dahil may tutunog na musika at ididiskonekta ka ng Hukuman, at kakailanganin mong sumali ulit sa pagdinig sa BlueJeans.

11. MGA PROBLEMA SA TEKNOLOHIYA: Kung madidiskonekta ang isang remote na kalahok sa pagdinig sa pamamagitan ng video, o kung makakaranas siya ng iba pang teknikal na problema, dapat gawin ng kalahok ang lahat ng kanyang makakaya para maibalik ang koneksyon at hindi dapat siya magsagawa ng anumang pagkilos na magiging banta sa integridad ng paglilitis (hal. mga komunikasyon sa isang third party na nauugnay sa anumang bagay na iba sa paglutas sa teknikal na isyu.) Kung hindi maibabalik ang koneksyon sa loob ng humigit-kumulang limang minuto, posibleng magsagawa ng mga hakbang ang Hukuman para "i-pause" ang pagdinig, at sa panahong iyon, mag-uusap at magkakasundo ang counsel, nang may magandang hangarin, na gumawa ng joint na proposal kaugnay ng pagpapatuloy. Kung mapagpapasyahan ng Hukuman na hindi patas sa anumang panig na ipagpatuloy ang remote na pagdinig dahil sa isang teknikal na problema, posibleng iantala o tapusin ng Hukuman ang remote na pagdinig anumang oras, at magsagawa ito ng iba pang hakbang na kinakailangan para matiyak na patas at may integridad ang mga paglilitis.
12. PAGBABAWAL SA PAG-RECORD: Huwag i-record ang pagdinig sa anumang paraan. Ipinagbabawal ang anumang pag-record sa isang paglilitis sa hukuman, pati ang mga screen shot o iba pang pagkopya sa visual o audio ng pagdinig. Ang anumang paglabag ay nahahatulan hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng batas, kasama ang, pero hindi limitado sa, mga multang hanggang $1,000, pagbabawal na pumunta sa mga pagdinig sa hinaharap, o iba pang parusang naaangkop para sa Hukuman.

Mga Kinakailangan sa BlueJeans App

Para sa pinakamagandang karanasan sa BlueJeans, dapat i-download at i-install ng mga user ang aming pang-desktop na software. Mag-click dito para matuto pa tungkol sa BlueJeans App.

Mga Operating System:
- Windows - 10 at 7 (with SP1+)
- macOS - 10.11+
- Linux - RHEL v7.5, 7.6, 8.0, Fedora 28, 29, 30, CentOS 7, 8 at Ubuntu 18.04, 19.10

Mga Kinakailangan sa Hardware

Mga Camera: Tugma sa BlueJeans ang halos lahat ng native (na naka-integrate) na webcam. HINDI sinusuportahan sa kasalukuyan ang mga camera na nakakonekta sa pamamagitan ng network (IP Cam). Nakalista sa ibaba ang mga nasuri nang External na Camera.
- Series ng Logitech
- Series ng Microsoft LifeCam

Mga Headset at Mikropono: mag-click dito para makita ang inirerekomendang listahan ng BlueJeans. Kung gumagamit ka ng laptop na wala pang 5 taon, puwede na ang mga naka-integrate na speaker at mikropono sa laptop.

Mga Nasuri nang Processor:

- Windows: Mga PC na gumagamit ng Intel i3, i5, o i7 na mula sa iba't ibang manufacturer.
    - Tandaan: Mas gusto ang quad core o higit pa. Posibleng mas mababa ang maging kalidad ng video ng mga CPU na may mababang clock speed.
- Mac: MacBook, MacBook Pro, iMac, Mac Mini

Sa pangkalahatan, matutugunan ng isang PC o Mac computer na hindi hihigit sa 5 taon ang mga kinakailangang ito.

RAM: 4GB ang minimum. 8GB+ ang inirerekomenda

Mga Kinakailangan sa Bandwidth: Isinasaad ng sumusunod na talahanayan ang iba't ibang sitwasyon at ang inaasahang peak na paggamit ng bandwidth ng mga ito.

Sitwasyon	**Paggamit ng Bandwidth**
Pagpapadala ng Content + Audio + Video	Hanggang 4.5 Mbps
Pagpapadala ng Content + Audio	Hanggang 4.3 Mbps
Pagpapadala lang ng content	Hanggang 3 Mbps

Para masuri ang bilis ng iyong mga lokal na network, gamitin ang Speedtest.net. I-click ang GO at tingnan ang Upload speed. Ang optimal na bilis ng pag-upload ay 4.5 Mbps. Depende sa trapiko sa lokal na network, posibleng mag-iba ang kalidad ng serbisyo.

Tandaan:

- Ang minimum na kinakailangan sa bandwidth para maabot ang 720p ay 1Mbps.
- Inirerekomenda ang 750Kbps para sa pangkalahatang de-kalidad na karanasan sa audio at video sa pamamagitan ng IP.

//